


Pagtataya sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino ng mga Tsinong Mag-aaral: Batayan sa Pagbuo ng Mungkahing Programa Ayon sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL) sa Pagpapaunlad ng Paggamit ng Wika

Bench T. Febra 

National Teachers College, Tiong Se Academy
febrabench@gmail.com

Mga Detalye ng Artikulo:

Natanggap: 15 Abril 2026
Binago: 26 Abril 2026
Tinanggap: 3 Mayo 2026
Nailathala: 19 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
febrabench@gmail.com

Inirerekomandang Sipi:

Febra B. T. (2026) Pagtataya sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino ng mga Tsinong Mag-aaral: Batayan sa Pagbuo ng Mungkahing Programa Ayon sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL) sa Pagpapaunlad ng Paggamit ng Wika. *The International Review of Multidisciplinary Research*. 1 (5), 879-890.
<https://doi.org/10.5281/zenodo.20274962>

Mga Terminong Indeks:

CEFRL, wikang Filipino, tsino-Pilipino, kasanayan sa pagsasalita, Explanatory Sequential, Mixed-Method Design

Abstrak. Ang mga Tsino-Pilipinong mag-aaral ay humaharap sa iba't ibang hamon sa pagkatuto ng wikang Filipino sa loob ng isang multilingguwal na kapaligiran. Sa gitna ng kasalukuyang kalagayan ng kurikulum na K to 12 Filipino, naging mahalagang matukoy ang agwat sa kasanayang komunikatibo upang makabuo ng mga konkretong hakbang na magpapaunlad sa kakayahan ng mga banyagang mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral na ito ang Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL) bilang pandaigdigang pamantayan ng Council of Europe upang magkaroon ng isang matibay at siyentipikong batayan sa pagsukat ng antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng Explanatory Sequential Mixed-Method na pamamaraan, masusing itinaya ang kakayahan ng mga mag-aaral gamit ang isang diyagnostikong pasalitang pagsusulit. Lumabas sa mga resulta na ang pangkalahatang antas ng mga mag-aaral ay kasalukuyang nasa Independent User (B2), kung saan ang antas ng Elementarya ay nasa B1 (Katamtamang Antas) at ang Junior High School naman ay nasa B2 (Mataas na Katamtamang Antas). Ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang pangkatang panayam ay naghayag ng mga positibong oportunidad sa pag-unlad sa kabila ng mga salik gaya ng language anxiety, kultural na kaligiran, at limitadong pagkakataon sa paggamit ng wika sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Kinilala rin ang pangangailangan ng mga mag-aaral para sa mga interaktibong estratehiya at makabagong kagamitang pampagtuturo na tumutugon sa kanilang sariling kultural na kinalakhan. Bunga nito, binuo ang mungkahing programang "CEFR-PH" na naglalayong magbigay ng sistematikong pagpapaunlad sa kasanayan sa wikang Filipino. Nakatuon ang naturang programa sa pagbuo ng isang "ligtas na espasyo" sa pag-aaral kung saan ang paggamit ng paglilipat-wika ay kinikilala bilang isang epektibong tulay tungo sa mas mataas na antas ng matatas at makabuluhang pakikipagtalastasan.

Panimula

Sa mabilis na agos ng globalisasyon, ang kakayahang makipagtalastasan sa iba't ibang wika ay itinuturing na isang mahalagang ikadalawampu't isang siglong kasanayan. Hindi lamang ito usapin ng pagmemorya ng bokabularyo, kundi ang paggamit ng wika bilang tulay sa pakikipag-ugnayan sa kapwa at pag-unawa sa kultura. Sa Pilipinas, ang ugnayang Tsino at Pilipino ay isa sa pinakamatatag na pundasyon ng kasaysayan, kalakalan, at lipunan ng bansa. Ang mahabang dantaon ng pakikipag-ugnayan ay nagbunga ng isang natatanging sektor sa lipunan—ang mga Tsinong mag-aaral na nagdadala ng dalawang mayamang kultura sa loob ng silid-aralan.

Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (2020), ang mga dayuhang Tsino at mga Pilipinong may lahing Tsino ay patuloy na bumubuo ng makabuluhang bahagi ng populasyon. Ang pagdami ng kanilang bilang sa mga sentrong pang-ekonomiya ay nagpapatunay na ang kanilang presensya ay hindi lamang pansamantala kundi isang mahalagang bahagi ng pag-unlad ng bansa. Gayunpaman, sa likod ng tagumpay sa negosyo at sining, umiiral ang isang hamon na madalas ay hindi

pinagtutuunan ng sapat na pansin: ang epektibong paggamit ng wikang Filipino bilang instrumento ng pakikisalamuha at pagkakakilanlan.

Sa larangan ng edukasyon, ang pagpapatupad ng Presidential Decree No. 176 o "Filipinization Law" ay naglayon na gawing bahagi ng kurikulum ang wikang Filipino sa mga paaralang Tsino. Sa kasalukuyan, may mahigit 148 na paaralang Tsino ang nagsisilbing katuwang ng pamahalaan sa paghubog ng halos isandaang libong mag-aaral. Sa kabila ng batas na ito, nananatiling masalimuot ang proseso ng pagkatuto. Ang wikang Filipino ay madalas na itinuturing na "dayuhang wika" pa rin para sa marami, sa kabila ng kanilang paninirahan sa Pilipinas, dahil sa limitadong pagkakataong gamitin ito sa labas ng akademikong pangangailangan.

Ang sitwasyong pangwika ng mga Tsinong mag-aaral sa Pilipinas ay mailalarawan bilang isang komplikadong multilinggwalismo. Karaniwan silang lumalaki sa mga tahanang gumagamit ng Mandarin o Hokkien, habang ang wikang Ingles naman ang nagsisilbing dominanteng wika sa kanilang pag-aaral at pakikipagkalakalan (Gaerlan et al., 2020). Sa ganitong kalagayan, ang wikang Filipino ay nailalagay sa ikatlong prayoridad—isang wikang naririnig sa paligid ngunit madalang na ginagamit sa aktwal na diskurso.

Ayon kina Heng at San Juan (2023), ang "cross-cultural adaptation" ay isang malaking balakid sa pagkatuto. Maraming mag-aaral ang nakararanas ng pagkakaiba sa estruktura ng wika at kultura na nagdudulot ng kaba o language anxiety sa tuwing susubukang magsalita ng Filipino. Ang takot na magkamali sa pagbigkas o sa paggamit ng gramatika ay nagreresulta sa "language attrition," kung saan ang kasanayang hindi madalas gamitin ay unti-unting nawawala o hindi ganap na umuunlad. Isang konkretong halimbawa nito ay ang nararanasan sa mga paaralang tulad ng Tiong Se Academy, kung saan ang mga mag-aaral ay kailangang magpalipat-lipat sa tatlong wika (Mandarin, Ingles, Filipino) sa loob ng isang araw. Dahil sa bigat ng kargang pangwika, nagiging laganap ang code-switching at ang pagtuturo ay madalas na nagiging mekanikal na lamang. Bagama't may mga inisyatibo tulad ng "Special Filipino Program," sa ibang mga paaralan, kapansin-pansin na walang iisang sukat o standardized metrics na ginagamit upang malaman kung nasaan na nga ba ang antas ng kakayahan ng isang mag-aaral kumpara sa mga pandaigdigang kraytirya.

Ang pananaliksik na ito ay nagmumula sa pagnanais na tugunan ang agwat sa pagitan ng teorya at praktika sa pagtuturo ng Filipino. Hindi sapat na ang mag-aaral ay nakakapasa sa mga pasulat na pagsusulit; ang tunay na sukatan ng pagkatuto ay ang kakayahang magsalita at makipag-ugnayan nang may kumpiyansa. Layunin ng pag-aaral na ito na tayain ang kasalukuyang antas ng kasanayang pasalita ng mga Tsinong mag-aaral upang makabuo ng isang programang pangwika na hindi lamang nakabatay sa tradisyonal na pagtuturo, kundi sa isang pandaigdigang pamantayan ng kahusayan sa wika. Dito nakikita ng mananaliksik ang pangangailangan para sa isang mas sistematiko at siyentipikong paraan ng pagtataya. Ang paggamit ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) ay hindi lamang basta pag-aangkop sa sistemang Kanluranin, kundi isang pagtatangka na gamitin ang mga deskriptor nito o ang mga "Can-Do Statements" upang bigyan ng malinaw na direksyon ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-angkla ng kasanayang pasalita sa mga antas ng CEFR, magkakaroon ng konkretong batayan ang mga guro at institusyon kung anong aspeto ng pagsasalita ang dapat pang linangin.

Sa huli, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang naglalayong magtaya, kundi ang maghain ng isang mungkahing programa na nakadiseno para sa natatanging pangangailangan ng mga Tsinong mag-aaral. Inaasahan na sa pamamagitan ng programang ito, ang wikang Filipino ay hindi na lamang titingnan bilang isang asignatura, kundi bilang isang buhay na wika na kanilang magagamit sa ganap na pakikilahok sa lipunang Pilipino.

Mga Tanong sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng antas ng kasanayang pasalita sa wikang Filipino ng mga Tsinong mag-aaral batay sa pamantayan ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFR). Layunin nitong matugunan ang umiiral na agwat sa kanilang kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanilang aktwal na antas ng kakayahan, mga salik na nakakaapekto rito, at mga pangangailangang dapat tugunan upang mapabuti ang kanilang pagkatuto. Sa partikular, ninanais ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino batay sa CEFR o Common European Framework of Reference for Languages?
2. Ano-anong mga salik ang nakakaapekto sa kasanayan ng mga Tsinong mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino?
3. Ano ang pangangailangan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng paglinang sa kasanayan sa pagsasalita ng Wikang Filipino?
4. Aling estratehiya ang epektibo upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Wikang Filipino?

5. Ano ang mungkahing programa ang nais ipatupad na makatutulong tungo sa mas makabuluhang pagkatuto sa Wikang Filipino?

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng Explanatory Sequential Mixed-Method Design. Sa disenyong ito, uunahin ang pangangalap at pagsusuri ng kwantitatibong datos upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, na susundan naman ng kwalitatibong panayam upang higit na maunawaan ang mga salik at karanasang may kaugnayan sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino.

Sa pamamagitan ng diyagnostikong pasalitang pagsusulit, matutukoy kung aling mga mag-aaral ang may mababang antas ng kasanayan (A1 hanggang B1) na siyang pipiliin bilang kalahok sa pangkatang panayam o Focus Group Discussion (FGD). Ang kwantitatibong resulta ang nagsisilbing basehan sa pagpili ng kalahok para sa kwalitatibong bahagi, kaya ito ay naaayon sa prinsipyo ng explanatory sequential kung saan ang kwalitatibong datos ay ginagamit upang bigyang-lalim at ipaliwanag ang mga numerikal na resulta.

Populasyon at Sampling


Ang populasyon sa pag-aaral na ito ay sumasailalim sa dalawang tiyak na sampling teknik alinsunod sa mixed-method na disenyo ng pananaliksik. Batay sa Learners Enrollment Data ng Tiong Se Academy para sa Taong Panuruan 2025-2026, ang kabuuang populasyon ay binubuo ng 235 Tsinong mag-aaral. Para sa kwantitatibong bahagi, ginamit ang Purposive Sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay direktang tumutugon sa layunin ng pag-aaral. Pinili ang mga mag-aaral mula Baitang 2 hanggang Baitang 10 batay sa kanilang pinagmulang lahi upang makakuha ng datos na sumasalamin sa konteksto ng mga banyagang mag-aaral na nag-aaral ng wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, 134 na mag-aaral o 57.02% ng kabuuang populasyon ang itinakdang kasangkot sa unang yugto ng pagsusuri.

Samantala, ginamit naman ang Criterion Sampling para sa kwalitatibong bahagi ng pananaliksik, partikular na sa pagpili ng mga kalahok para sa pangkatang panayam. Ang pamantayan sa pagpili ay nakabatay sa antas ng kakayahan sa wikang Filipino alinsunod sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFR). Isinama lamang sa yugtong ito ang mga Tsinong mag-aaral na pumatak sa antas A1 hanggang B1, na itinuturing na Basic hanggang Independent Users. Layunin ng pamamaraang ito na maunawaan ang mga pananaw at pangangailangan ng mga mag-aaral na nasa papaunlad pa lamang na kasanayan upang masuri kung paanong makatutulong ang imumungkahing programa sa kanilang pag-unlad sa wikang Filipino.

Tagatugon ng Pag-aaral

Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga Tsinong mag-aaral ng Tiong Se Academy na matatagpuan sa Binondo, Maynila. Mahalagang maunawaan ang konteksto ng paaralang ito dahil sumusunod ito sa isang dual curriculum system: ang English Curriculum sa umaga na sumusunod sa K-12 Kurikulum ng DepEd, at ang Chinese Curriculum sa hapon na nakatuon sa Mandarin, kasaysayan, at kultura ng China. Dahil dito, ang mga tagatugon ay patuloy na nagbabalanse sa pag-aaral ng iba't ibang wika at sistema ng edukasyon sa loob ng isang araw.

Mula sa pangkalahatang bilang ng mga mag-aaral sa paaralan, nilimitahan ang mga tagatugon sa mga nasa Grade School at Junior High School (Baitang 2-10). Isinantabi ang mga mag-aaral mula sa Early Education Department, Baitang 1, at Senior High School (Baitang 11-12) dahil sila ay labas na sa saklaw ng pag-aaral. Sa kabuuan, mayroong 134 na mag-aaral na magsisilbing pangunahing tagatugon; 80 sa mga ito ay mula sa Baitang 2-6 at 54 naman ay mula sa Baitang 7-10. Pinili ang mga kasangkot batay sa sumusunod na kwalipikasyon: sila ay kasalukuyang nag-aaral sa Tiong Se Academy, kabilang sa English Curriculum mula sa mababa o mataas na baitang, at may kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino anuman ang kanilang kasalukuyang antas. Ang pokus sa English Curriculum ay mahalaga dahil ito ang pangunahing lunsaran kung saan itinuturo ang wikang Filipino bilang asignatura.



Larawan Blg. 1. Disenyo ng Pananaliksik (Explanatory Sequential Mixed Method)

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagkamit ng layunin ng pag-aaral, ang pangunahing instrumento ay ang diyagnostikong pasalitang na binuo ng mananaliksik. Ang mga aytem sa pagsusulit na ito ay maingat na nakahanay sa mga "Can-do Statements" at Global Descriptors ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL) (Apendiks A) upang matiyak na tumpak na nasusukat ang kasanayang pasalita sa kontekstong interkultural. Bukod dito, gagamit din ng gabay na tanong sa pangkatang panayam upang siyasin ang mga salik at pangangailangan sa paglinang ng kasanayan.

Para sa pagmamarka, gagamitin ang pormularyo ng pagtataya at tiyak na grid ng mga pamantayan na sumusukat sa limang mga kraytirya: Saklaw (Range), Kawastuhan (Accuracy), Kalinawan (Fluency), Pakikipag-ugnayan (Interaction), at Kohesiyon (Coherence) (Apendiks B). Bago ang aktuwal na paggamit, ang mga instrumento ay dumaan sa balidasyon ng mga eksperto at isinalang sa reliability test upang matiyak na ang mga ito ay konsistent at angkop.

Proseso ng Pangangalap ng Datos

Ang proseso ng pagkalap ng datos ay isasagawa sa dalawang magkakasunod na yugto. Sa unang yugto, ilalapat ang diyagnostikong pasalitang pagsusulit sa mga napiling mag-aaral upang matukoy ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan (A1-C2) (Apendiks A). Ang bawat tugon ay bibigyan ng marka gamit ang pangkalahatang iskala ng pasalitang pagtataya. Sa ikalawang yugto, ang mga mag-aaral na nakakuha ng antas A1, A2, at B1 ay iimbitahan sa isang pangkatang panayam. Ang lahat ng usapan ay irekord at gagawan ng mga pahayag na transkripsyon upang maging batayan sa pagsusuri ng mga tema.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isasagawa sa pamamagitan ng pinagsanib na kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan alinsunod sa disenyo ng pag-aaral. Para sa kwantitatibong datos, gagamit ang mananaliksik ng deskriptibong istatistika gaya ng weighted mean distribution upang makuha ang pangkalahatang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat kraytirya ng pagsasalita gaya ng saklaw, kawastuhan, kalinawan, pakikipag-ugnayan, at kohesiyon (Apendiks B). Gagamit din ng frequency at percentage distribution upang ipakita ang tiyak na bilang at bahagdan ng mga mag-aaral sa bawat antas ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL).

Ang interpretasyon ng mga numerical na datos ay ibabatay sa sumusunod na iskala: ang weighted mean na 1.00 hanggang 1.66 ay para sa Antas A1 (Baguhan), samantalang ang 1.67 hanggang 2.33 ay para sa Antas A2 (Nagsisimulang Antas) na kapwa nasa ilalim ng kategoryang Basic User. Para sa mga Independent User, ang markang 2.34 hanggang 3.00 ay para sa Antas B1 (Katamtamang Antas) at ang 3.01 hanggang 3.66 naman ay para sa Antas B2 (Mataas na Katamtamang Antas). Sa huli, ang markang 3.67 hanggang 4.33 ay para sa Antas C1 (Mataas na Antas ng Kasanayan) at ang 4.34 hanggang 5.00 ay para sa Antas C2 (Napakataas na Antas ng Kasanayan) na kapwa naglalarawan sa isang Proficient User.

Para sa kwalitatibong datos, gagamitin ang tematikong analisis upang bigyang-lalim ang mga numerikal na resulta. Ang proseso ay magsisimula sa pamilyarisasyon sa mga transkripsyon mula sa isinagawang pangkatang panayam, na susundan

ng pagbuo ng mga initial codes o labels sa mahahalagang pahayag ng mga kalahok. Ang mga codes na ito ay sistematikong pagpangkat-pangkatin upang makabuo ng mga pangunahing tema na magpapaliwanag sa mga salik at estratehiya sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ang huling yugto ng pagsusuri ay ang integrasyon ng mga natuklasan mula sa dalawang yugto upang magsilbing matibay na batayan sa pagbuo ng mungkahing programa na tumutugon sa pangangailangang pangwika ng mga Tsinong mag-aaral.

Resulta at Talakayan

Inilalahad sa kabanatang ito ang pagsusuri, interpretasyon, at pagtalakay sa mga datos na nalikom sa pag-aaral. Gamit ang disenyo ng *Explanatory Sequential Mixed Method*, pinagsanib ang mga kwantitatibong datos mula sa pagsusulit batay sa *Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL)* at mga datos kwalitatibo mula sa pangkatang panayam. Ang pangunahing tunguhin ng kabanatang ito ay magsilbing matibay na batayan sa pagbuo ng iminumungkahing programa na naglalayong paunlarin ang paggamit at pagkatuto ng wikang Filipino ng mga tagatugon. Ang programang ito ay idinisenyo upang tugunan ang mga puwang sa kasanayan na matutukoy sa pamamagitan ng pag-uugnay ng numerikal na marka at mga personal na karanasan ng mga mag-aaral.

Suliranin 1. Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita ng Wikang Filipino batay sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL)

| Common European Framework of Reference for Languages CEFRL Levels | ELEMENTARYA | | | | | | JUNIOR HIGH SCHOOL | | | | | | Total Elem at JHS |
|---|---|-------------------------|-----------|-----------|-----------|-----------|--------------------|-----------|-----------|------------|-----------|-----------|-------------------|
| | Baitang 2 | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang 5 | Baitang 6 | Sub-Total | Baitang 7 | Baitang 8 | Baitang 9 | Baitang 10 | Sub-Total | | |
| Basic User | A1 | 2 | 1 | 7 | 8 | 3 | 21 | 1 | 5 | 0 | 0 | 6 | 27 |
| | <i>Baguhan</i> | 9.5% | 7.7% | 53.8% | 42.1% | 21.4% | 26.3% | 14.3% | 35.7% | | | 11.1% | 20.1% |
| Independent User | A2 | 6 | 3 | 1 | 1 | 2 | 13 | 1 | 0 | 2 | 4 | 7 | 20 |
| | <i>Nagsisimulang Antas</i> | 28.6% | 23.1% | 7.7% | 5.3% | 14.3% | 16.3% | 14.3% | | 12.5% | 23.5% | 13.0% | 14.9% |
| Proficient User | B1 | 4 | 1 | 1 | 2 | 2 | 10 | 2 | 2 | 4 | 0 | 8 | 18 |
| | <i>Katamtamang Antas</i> | 19.0% | 7.7% | 7.7% | 10.5% | 14.3% | 12.5% | 28.6% | 14.3% | 25.0% | | 14.8% | 13.4% |
| Proficient User | B2 | 5 | 1 | 0 | 2 | 2 | 10 | 1 | 3 | 2 | 3 | 9 | 19 |
| | <i>Mataas na Katamtamang Antas</i> | 23.8% | 7.7% | | 10.5% | 14.3% | 12.5% | 14.3% | 21.4% | 12.5% | 17.6% | 16.7% | 14.2% |
| Proficient User | C1 | 2 | 3 | 0 | 0 | 1 | 6 | 1 | 2 | 3 | 1 | 7 | 13 |
| | <i>Mataas na Antas ng Kasanayan</i> | 9.5% | 23.1% | | | 7.1% | 7.5% | 14.3% | 14.3% | 18.8% | 5.9% | 13.0% | 9.7% |
| Proficient User | C2 | 2 | 4 | 4 | 6 | 4 | 20 | 1 | 2 | 5 | 9 | 17 | 37 |
| | <i>Napakataas na Antas ng Kasanayan</i> | 9.5% | 30.8% | 30.8% | 31.6% | 28.6% | 25.0% | 14.3% | 14.3% | 31.3% | 52.9% | 31.5% | 27.6% |
| Bilang ng Mag-aaral | | 21 | 13 | 13 | 19 | 14 | 80 | 7 | 14 | 16 | 17 | 54 | 134 |
| Mean Score | | 3.38 | 4.15 | 3.08 | 3.21 | 3.57 | 3.44 | 3.43 | 3.07 | 4.31 | 4.65 | 4.02 | 3.67 |
| Interpretasyon | | B2 | C1 | B2 | B2 | B2 | B1 | B2 | B2 | C1 | C2 | B2 | B2 |
| | | Independent User | | | | | | | | | | | |

Talahanayan Blg. 1. Distribusyon ng Antas ng Kakayahan sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral ng Tiong Se Academy Batay sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFRL)

Ang pangkalahatang kinalabasan ng datos ay nagpapakita ng isang matinding pagkakahati sa antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Tiong Se Academy (TSA), kung saan ang kasanayan ay nakakumpol sa dalawang magkabilang dulo: ang mga Baguhan (A1) at ang mga Napakataas ang Kasanayan (C2).

Sa antas ng Elementarya, malinaw na makikita ang konsentrasyon ng mga mag-aaral sa mga batayang antas na A1 (26.3%) at A2 (16.3%), na may kabuuang 42.6% na itinuturing na Basic User. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang kakayahang ng mga kalahok ay limitado lamang sa paggamit ng wika para sa payak na pakikipag-ugnayan at pang-araw-araw na pangangailangan. Ang ganitong distribusyon ay nagpapakita ng isang "language plateau" kung saan nahihirapan ang mga mag-aaral na umakyat sa mas mataas na antas. Alinsunod sa pag-aaral nina Gaerlan, Villaverde, at Lim (2020), ang mga multilingguwal na Tsinong mag-aaral ay madalas na nagpapakita ng mas mataas na pagkiling sa wikang Ingles at Mandarin kaysa sa Filipino, na siyang pangunahing dahilan kung bakit nananatili sa mga panimulang antas ang kanilang kasanayan.

Sa pagtuntong sa Junior High School (JHS), bagaman ang pinakamataas na konsentrasyon ay nasa antas na C2 (31.5%) at C1 (13.0%), nananatili ang hamon sa mga mag-aaral na nasa antas A1 (11.1%) at A2 (13.0%). Ang pagkakaroon ng mga mag-aaral sa mababang antas sa kabila ng paninirahan sa Pilipinas ay maaaring iugnay sa limitadong pagkakataon para sa aktwal na paggamit ng wika sa labas ng klasrum, lalo na't ang Tiong Se Academy (TSA) ay may dual curriculum (English at Chinese). Pinagtibay nito ang kaisipan ni Eslit (2023) sa kanyang Neo-Language Acquisition and Learning Theory, na nagsasaad na ang pagkatuto ng wika ay nakasalalay sa determinasyon at pakikiangkop ng mag-aaral sa kanyang kapaligiran. Ang mga mag-aaral na nananatili sa mababang antas ay posibleng dumaranas ng "language attrition" o paghina ng kasanayan dahil sa kakulangan ng regular na praktis, gaya ng binanggit din nina Gaerlan et al. (2020).

Sa pagsusuri ng kabuuang datos, mapapansin ang pagbaba ng bilang sa "intermediate level" (B1 at B2), na nagpapatunay na iilan lamang ang nagtataglay ng kakayahang magpahayag ng sariling opinyon o makipagtalakayan sa mas malalim na paksa. Ang kakulangang ito ay maiiugnay muli sa teorya ni Eslit (2023) na ang motibasyon at adaptabilidad ay kritikal sa pag-unlad; kung hindi nakikita ang functional na pangangailangan sa Filipino dahil sa pagtutok ng mga Filipino-Chinese schools sa wikang Ingles (Manila Standard, 2024), nahihirapan ang mga mag-aaral na maabot ang mataas na kasanayang akademiko sa wika. Gayundin, ang datos na ito ay sumusuporta sa natuklasan nina Fonte at Ancho (2021) na ang Filipino ay madalas na itinuturing na "foreign language" sa halip na "second language" sa mga ganitong institusyon.

Bilang konklusyon, ang malaking agwat sa pagitan ng mga Basic Users (A1-A2) at Proficient Users (C1-C2) ay sumasang-ayon sa obserbasyon ni Ople (2023) na ang mga mag-aaral sa Special Filipino Class ay nangangailangan ng mas masinsinang interbensyon. Ang pag-unlad mula Elementarya patungong JHS (kung saan ang C2 ay umabot sa 31.5%) ay indikasyon ng epekto ng mahabang eksposyur, subalit ang pananatili ng iba sa antas A1 ay tanda ng isang "freezing point" o matagal na pagkaantala. Ang implikasyon nito ay ang pangangailangan para sa isang programang tulad ng mungkahing SIKLAB ni Altaya (2025) na nakatuon sa pagbuo ng mga "natural, active, and proficient speakers." Sa halip na tradisyunal na balarila, kinakailangan ang mga interaktibong estratehiya at differentiated instruction upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makatutugon sa mga "can-do" statements ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) anuman ang kanilang kinalakihang wika.

Suliranin 2. Salik na Nakakaapekto sa Kasanayan ng mga Tsinong Mag-aaral sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

| Katanungan | Padron (Tematikong Pagdulog) | Mga Pangunahing Ideya |
|--|-------------------------------------|---|
| 2.1 Salik Pangkapaligiran Sa iyong palagay, paano nakaaapekto ang kapaligiran sa iyong pagsasalita? | Limitadong Oportunidad sa Komunidad | Mas gamit ang Mandarin at Ingles sa lugar (tulad ng Binondo), kaya walang sapat na praktis sa labas ng paaralan. |
| 2.2 Salik Pantahanan May pagkakataon ba sa inyong tahanan na gamitin ang wikang Filipino? | Impluwensya ng Kinalakihang Wika | Mandarin, Hokkien, o Ingles ang pangunahing wika sa bahay; hindi taal na nagsasalita ng Filipino ang mga magulang. |
| 2.3 Salik Pampaaralan Gaano kadalas ninyong ginagamit ang Filipino sa loob ng paaralan? | Akademikong Paggamit ng Wika | Limitado ang paggamit ng Filipino sa loob ng klase at ginagamit lamang kapag ito ang hinihingi ng asignatura o ng guro. |

2.4 Salik Pansarili

Anong mga pansariling salik ang nakakaapekto sa iyong pagkatuto?

Kaba at Takot Magkamali

Nahihiyang magsalita dahil sa takot na mapagtawanan ang "accent" o magkamali sa pagpili ng tamang salita.

Talahanayan Blg. 2. Salik na Nakakaapekto sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino ng mga Tsinong Mag-aaral

Ang naging resulta hinggil sa limitadong oportunidad sa komunidad ng Binondo ay sumasalamin sa obserbasyon nina Gaerlan, Villaverde, at Lim (2020) tungkol sa karanasan at mas pinapaburang wika ng mga multilinggwal na mag-aaral. Dahil ang kapaligiran ay nangingibabaw ang Mandarin, Hokkien, at Ingles, nawawalan ng praktikal na daluyan ang wikang Filipino sa labas ng akademya. Ang sitwasyong ito ay lalong pinatitibay ng pag-aaral nina Heng at San Juan (2023) ukol sa cross-cultural adaptation, kung saan ang pakikibagay ng mga Tsinong mag-aaral sa Pilipinas ay nakadepende sa dalas ng kanilang pakikisalamuha sa labas ng kanilang sariling etnikong grupo. Sa madaling salita, kung ang komunidad ay hindi nagbibigay ng pangangailangang magsalita ng Filipino, nananatiling pasibo ang kasanayan ng mga bata.

Sa aspeto ng tahanan, ang dominasyon ng wikang kinagisnan ay nagpapatunay sa ulat nina Villaverde at Lucas (2020) na ang intrinsic motivation o likas na interes ng mga Tsinong mag-aaral ay malaki ang kinalaman sa kanilang kasanayan. Kung sa loob ng tahanan ay walang suporta o pagkakataon na gamitin ang Filipino, ang bata ay hindi nakakaramdam ng personal na koneksyon sa wika. Ito ay kaugnay din sa pahayag ng Manila Standard (2024) na ang mga Filipino-Chinese schools ay mas nakatuon sa paghahanda sa mga mag-aaral para sa tagumpay sa negosyo, kung saan madalas ay Ingles at Mandarin ang mas binibigyang-diin kaysa sa kasanayang pangkomunikatibo sa Filipino.

Ang nangingibabaw na kaba at hiya ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang antas ng pagsasalita, ay direktang maipaliliwanag gamit ang Neo-Language Acquisition and Learning Theory ni Eslit (2023). Sa teoryang ito, ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang nakadepende sa pagkakabisa ng mga tuntunin, kundi sa determinasyon, motibasyon, at lalo na sa pakikiangkop ng bata sa kanyang multilinggwal na kapaligiran. Ang nararamdamang "mental block" ng mga kalahok ay isang senyales na ang kanilang adaptabilidad ay nahahadlangan ng takot sa pagkakamali. Alinsunod ito sa kaisipan ni Altaya (2025) sa pagbuo ng SIKLAB, na ang pagiging bihasa o proficient na tagapagsalita ay nangangailangan ng mga estratehiyang hango sa natural na pakikipag-usap upang malampasan ang mga sikolohikal na harang.

Bilang paglalahat, ang mga salik na ito ay nagpapakita na ang kasanayan sa pagsasalita ay hindi lamang usaping pang-akademiko kundi isang panlipunang proseso. Ang pag-aaral ni Ople (2023) sa mga Special Filipino Classes ay nagpapatunay na ang mga ganitong uri ng mag-aaral ay nangangailangan ng iba't ibang barayti at estratehiya ng wika na akma sa kanilang kultural na identidad. Ang lahat ng ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangang gamitin ang mga pamantayang tulad ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) (Council of Europe, 2020) at ang lokalisasyon nito sa Pilipinas upang magkaroon ng mas sistematikong pagsubaybay sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa gitna ng kanilang hamon sa kapaligiran, tahanan, at sarili..

Suliranin 3. Pangangailangan ng mga Mag-aaral sa Paglinang sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

| Katanungan | Padron (Tematikong Pagdulog) | Mga Pangunahing Ideya |
|--|---------------------------------|--|
| 3.1 Pangangailangang Lingguwistiko Sa anong bahagi ng pagsasalita ng Filipino ka nahihirapan? | Pagpapalawak ng Bokabularyo | Maraming mag-aaral ang nahihirapang maghanap ng tamang salita kapag nagsasalita. Dahil sanay sa "Taglish," nabubulol sila o humihinto dahil hindi nila alam ang eksaktong tawag sa isang bagay sa Filipino. Kailangan nila ng dagdag na kaalaman sa mga salitang Pinoy para mas maging tuloy-tuloy ang kanilang pagkukwento o pagsasalita. |
| 3.2 Pangangailangang Interbensyon Ano-anong uri ng tulong ang sa tingin mo'y makatutulong sa iyong pagsasalita? | Gabay sa Wastong Pagbigkas | Malaking tulong kung may magtuturo sa kanila ng tamang tono at tamang pagbigkas ng mga salita. Bukod sa pagtatama sa mali, kailangan din ng mga mag-aaral ng pampalakas ng loob at suporta mula sa guro at kaklase para hindi sila mahiya o matakot na magkamali sa harap ng maraming tao. |

| | | |
|--|---|---|
| <p><i>3.3 Pangangailangang Instruksiyonal</i></p> <p>Anong kagamitan, aktibidad, o pagsananay ang mas nakatutulong sa iyong pagkatuto ng Filipino?</p> | <p>Biswal at Kontekstwal na Kagamitan</p> | <p>Mas mabilis matuto ang mga bata kung nakakakita sila ng mga video, larawan, at mga aktibidad na hango sa totoong buhay. Sa halip na puro basa lang sa libro, mas gusto nila ang mga gawaing masaya at aktwal nilang nagagamit ang wika sa pakikipag-usap sa iba.</p> |
|--|---|---|

Talahanayan Blg. 3. Mga Pangangailangan ng mga Mag-aaral sa Paglinang ng Kanilang Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

Isang nangingibabaw na pangangailangan na lumitaw ay ang paggamit ng teknolohiya at mga biswal na kagamitan gaya ng mga video sa TikTok at YouTube na may mga kapsyon. Ang pagnanais na ito ng mga mag-aaral ay isang direktang manipestasyon ng Neo-Language Acquisition and Learning Theory ni Eslit (2023). Sa teoryang ito, ang kagustuhan at pagkukusa ng isang bata sa pagkatuto ng wika ay mas napapabilis kung ang mga kagamitang pampagtuturo ay lapat sa kanilang interes at sa teknolohiyang bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang resultang ito ay sumusuporta rin sa pag-aaral nina Gaerlan, Villaverde, at Lim (2020), na nagsasabing ang mga multilinggwal na Tsinong mag-aaral ay may partikular na kagustuhan (language preferences) sa mga materyales na mas madali nilang nauunawaan at nakikita sa kanilang sosyal na kapaligiran.

Bukod sa kagamitan, lumitaw rin ang pangangailangan para sa mga aktibidad na magpapaunlad sa kanilang kakayahang makipagtalastasan nang natural. Ayon kay Altaya (2025) sa kanyang pag-aaral tungkol sa SIKLAB, ang pagiging bihasa sa pagsasalita ay nangangailangan ng mga interactive strategies na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na maging aktibong tagapagsalita. Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagpili ng tamang salita ay nagpapatunay na kailangan nila ng mga pagsasanay na hindi lamang nakatuon sa pagsasaulo ng mga tuntunin. Ang hiling ng mga mag-aaral para sa mga gawaing hango sa totoong buhay sa halip na puro pagsusulit sa libro ay sumusuporta rin sa obserbasyon nina Mainit at De Leon (2022). Ayon sa kanila, ang mga estratehiya sa pagtuturo sa mga paaralang Filipino-Chinese ay dapat may matibay na ugnayan sa kultura at pamanang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ito ay nagbibigay-diin na ang mga Tsinong mag-aaral ay nangangailangan ng isang kurikulum na sensitibo sa kanilang kultura at gumagamit ng makabagong teknolohiya. Ang pagtugon sa mga pangangailangang ito ay susi upang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral na gamitin ang Filipino bilang isang buhay na wika, habang unti-unting binabawasan ang kanilang kaba sa pamamagitan ng mga aktibidad na masaya, biswal, at makabuluhan.

Suliranin 4. Mga Epektibong Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

| Katanungan | Padron (Tematikong Pagdulog) | Mga Pangunahing Ideya |
|--|--|--|
| <p><i>4.1 Estratehiyang Ebalwatibo</i></p> <p>Alin sa mga estratehiyang ginamit sa paaralan o tahanan ang sa tingin mo ay epektibo?</p> | <p>Pagsukat sa Sariling Husay</p> | <p>Nakatutulong ang paggamit ng pagtataya mga kasanayan - pakikinig, pagsasalita, pagsulat, pagbasa sa paaralan man o tahanan.</p> |
| <p><i>4.2 Estratehiyang Afektibo</i></p> <p>Paano ka mas nagiging komportable sa pagsasalita ng Filipino sa komunikasyon?</p> | <p>Ligtas na Kapaligiran</p> | <p>Nagiging komportable silang magsalita kapag alam nilang hindi sila pagagalitan o pagtatawanan kahit magkamali.</p> |
| <p><i>4.3 Estratehiyang Inobatibo</i></p> <p>Mayroon ka bang mungkahing paraan upang lalong mapabuti ang iyong kakayahan sa pagsasalita?</p> | <p>Paggamit ng Teknolohiya at Bridging</p> | <p>Epektibo ang paggamit ng translation at code-switching (<i>Taglish</i>) bilang tulay upang unti-unting matutunan ang wika.</p> |

Talahanayan Blg. 4 Mga Epektibong Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

Isang nangingibabaw na estratehiya na lumitaw ay ang "self-evaluation" o ang pagsukat sa sariling husay matapos magsalita. Ang gawaing ito ay isang direktang manipestasyon ng Neo-Language Acquisition and Learning Theory (Eslit, 2023), kung saan ang bata ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagsusumikap na makuha ang tamang anyo ng wika. Sa halip na basta na lamang magsalita, ang mga kalahok ay aktibong sinusuri at itinatama ang kanilang sariling gramatika at bigkas, na nagpapatunay na ang pagkatuto ay isang mulat na proseso ng pag-aangkop.

Ang paggamit ng "Taglish" o code-switching bilang tulay sa komunikasyon ay isa ring estratehiyang itinuturing na epektibo ng mga mag-aaral. Alinsunod ito sa kaisipan ni Altaya (2025) sa kanyang pagbuo ng SIKLAB, kung saan ang paggamit ng mga interactive strategies ay nakatutulong upang mapanatili ang daloy ng usapan kahit limitado pa ang bokabularyo. Ang paggamit ng Ingles bilang suporta ay nagsisilbing pantulong na estratehiya upang unti-unting makabuo ng kumpyansa ang mga Tsinong mag-aaral. Sumusuporta rin ito sa pananaw ni Ople (2023) na ang pag-aangkop sa varayti ng wika na mas pamilyar sa mag-aaral ay nagpapadali sa kanilang transisyon patungo sa mas pormal na paggamit ng Filipino.

Bukod dito, ang pakikipag-usap sa mga kaibigang mas bihasa sa Filipino ay lumabas na isang mabisang paraan ng pagkatuto. Ang social learning na ito ay tumutugma sa obserbasyon nina Gaerlan, Villaverde, at Lim (2020) ukol sa mga karanasan sa wika ng mga multilinggwal na mag-aaral. Ang impormal na interaksyong ito ay nagpapababa ng kaba ng mga bata, na siya namang binigyang-diin nina Villaverde at Lucas (2020) bilang mahalagang bahagi ng intrinsic motivation o likas na pagnanais na matuto. Kapag ang isang mag-aaral ay komportable sa kanyang kausap, mas nagiging natural ang kanyang pagtatangka na makibagay sa wikang ginagamit ng kanyang paligid.

Sa huli, ang paggamit ng teknolohiya at pagsasanay gamit ang mga mobile apps ay lumitaw bilang estratehiyang nagbibigay ng saya at interaksyon, kung saan ang pagbuo ng mga pamantayan sa wika ay dapat lapat sa makabagong kagamitan. Ang paglipat mula sa tradisyunal na worksheets patungo sa mga interactive platforms ay nagpapatunay na ang mga Tsinong mag-aaral ay mas aktibong natututo kapag ang proseso ay nagbibigay ng pagkakataong makita ang kanilang progreso, na siya ring pangunahing layunin ng paglalapat ng mga antas mula sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) (Council of Europe, 2020).

Suliranin 5. Mungkahing Programang Ipatutupad Tungo sa Pagpapaunlad ng Pagkatuto sa Wikang Filipino

| | |
|------------------------------|--|
| Rasyonal | <p>Ang Tiong Se Academy, bilang pinakamatandang Tsino- Pilipinong paaralan, ay nahaharap sa hamon ng pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na itinuturing itong ikalawang wika. Bagama't itinakda ng K to 12 Kurikulum ang paglinang sa mga makrong kasanayan, may pangangailangan pa rin para sa isang mas sistematikong pamantayan sa pagtataya ng kakayahan sa pagsasalita.</p> <p>Dahil dito, isinusulong ang pag-aangkop sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) sa pamamagitan ng CEFR-PH. Layunin nitong magbigay ng malinaw na internasyonal na batayan (mula A1 hanggang C2) upang matukoy ang antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino sa loob ng isang multilinggwal na kapaligiran.</p> |
| Mga Layunin | <ol style="list-style-type: none">1. Ilarawan ang antas ng kakayahan sa pagsasalita ng Filipino mula Baguhan (A1) hanggang Bihasa (C2).2. Subaybayan ang progresibong pagkatuto at pag-unlad ng bawat mag-aaral.3. Ihanay ang pagtuturo at pagtataya sa K to 12 curriculum at pamantayang CEFR.4. Paunlarin ang malinaw, maayos, at epektibong komunikasyon sa Filipino.5. Suportahan ang mga mag-aaral na natututo ng Filipino bilang ikalawa o karagdagang wika. |
| Pangkalahatang Padron | <p>Upang malinang ang katatasan sa Filipino, mahalagang palawakin ang bokabularyo ng mga mag-aaral at gabayan sila sa tamang pagbigkas gamit ang mga biswal at praktikal na gawaing hango sa totoong buhay. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng sistematikong pagtataya sa lahat ng mga kasanayan at paglikha ng isang ligtas na kapaligiran kung saan malayang makapagsasalita ang mga bata nang walang takot sa pagkakamali. Bukod dito, ang paggamit ng teknolohiya at pamamaraang bridging tulad ng code-switching (Taglish) ay nagsisilbing mabisang tulay upang unti-unting mapataas ang kanilang antas ng pagkatuto at kumpyansa sa wika.</p> |

Talahanayan 5. Balangkas ng Mungkahing Programang "CEFR-PH" para sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Wikang Filipino

Sa aspeto ng mga salik, malinaw na ang limitadong pagkakatulad sa Filipino sa loob ng komunidad ng Binondo at ang dominasyon ng unang wika sa tahanan ay nagsisilbing malaking harang sa natural na pagtamo ng wika. Ang mga mag-aaral ay tinitignan ang Filipino bilang isang wikang pang-akademiko lamang dahil hindi nila ito nagagamit sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa labas ng paaralan. Ang reyalidad na ito ang nagtutulak sa pangangailangan ng isang programang bubuo ng isang makatotohanan ngunit mabisang kapaligiran sa loob ng paaralan upang mapunan ang kakulangan ng eksposyur sa labas.

Batay naman sa mga pangangailangang lumitaw, naging masidhi ang hiling ng mga mag-aaral para sa mga kagamitang biswal, makabagong teknolohiya, at mga gawaing hango sa totoong buhay sa halip na tradisyunal na pagsusulit sa papel. Binigyang-diin ng mga kalahok na mas madali nilang nauunawaan ang wika kung ito ay may kaakibat na mga video, kapsyon, at mga sitwasyong nararanasan nila sa labas. Ang hiling na magkaroon ng malinaw na yugto o antas ng pagkatuto ay nagpapakita na nais ng mga mag-aaral na makita ang kanilang kongkretong pag-unlad sa paraang sistematiko at hindi nakalilito.

Kaugnay ng mga estratehiya, napatunayan na ang sariling pagkukusa gaya ng pagsusuri sa sariling pagkakamali (self-evaluation) at ang paggamit ng code-switching o Taglish ay mga epektibong tulay upang mapataas ang kanilang kumpiyansa. Ang pakikipag-usap sa mga kaibigang mas bihasa sa Filipino ay lumabas na isang mabisang paraan upang mabawasan ang kaba at hiya. Ang mga impormal na pamamaraang ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay mas mabilis natututo kapag ang proseso ay hindi gaanong nakakatakot at nagpapahintulot sa kanila na magkamali habang unti-unting itinatama ang kanilang sarili.

Bilang konklusyon, ang lahat ng mga natuklasang ito ay nagsilbing gabay sa pagbuo ng mungkahing programa na nakabatay sa CEFR. Ang programang ito ay naglalayong ihanay ang kasanayan ng mga bata sa mga antas na A1 hanggang C2 upang magkaroon ng malinaw na tunguhin ang bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng makabagong teknolohiya, mga gawaing praktikal, at isang ligtas na kapaligiran, titiyakin ng programa na ang mga mag-aaral sa TSA ay magkakaroon ng sapat na kasanayan at determinasyon na maging aktibong tagapagsalita ng Filipino sa kanilang multilinggwang na lipunan.

Konklusyon at Implikasyon

Batay sa pagsusuri, nabuo ang mga sumusunod na kaisipan na naglalayong mas mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino.

1. Ang kasanayan ng mga mag-aaral ay repleksyon ng kanilang kapaligiran. Ipinapakita ng pag-aaral na may malaking potensyal ang mga mag-aaral na mas maging bihasa (Proficient User) kung ang wikang Filipino ay ilalapat sa kanilang tunay na buhay at karanasan. Ang paglipat mula sa pagiging "Basic User" patungong "Independent User" ay nakasalalay sa paglikha ng mga pagkakataon kung saan makikita nila ang halaga at gamit ng wika sa labas ng kanilang silid-aralan.
2. Ang emosyonal na aspeto, gaya ng pag-aalangan sa pagsasalita, ay bahagi ng natural na proseso ng pagkatuto ng pangalawang wika. Sa halip na ituring itong hadlang, isa itong pagkakataon para sa paaralan na bumuo ng isang "supportive environment." Kapag naramdaman ng mga mag-aaral na masaya at ligtas silang sumubok magpahayag, mas mabilis na lalabas ang kanilang likas na galing at talino sa komunikasyon.
3. Ang paggamit ng pagsasalin o paghahalo ng wika (code-switching) ay patunay ng pagiging madiskarte ng mga mag-aaral upang maiparating ang kanilang mensahe. Ito ay isang "learning strategy" na nagpapakita ng kanilang pagsisikap na makipag-ugnayan. Ang pagkilala sa ganitong kaparaanan ay nagsisilbing matibay na tulay upang unti-unti silang maging mas matatas at kumportable sa purong paggamit ng Filipino.
4. Dahil ang bawat mag-aaral ay may kani-kaniyang bilis at estilo sa pagkatuto, ang paggamit ng mga pamantayang tulad ng Common European Framework of Reference (CEFRL) ay isang positibong hakbang. Nagbibigay ito ng malinaw na landas para sa guro at mag-aaral kung paano aangat mula sa kasalukuyang antas. Ang pagtutok sa kung ano ang "kayang gawin" (can-do) ng bata ay nagbibigay ng inspirasyon sa kanila na mas paghusayan pa ang kanilang kasanayan sa paraang hindi nakaka-stress.

Implikasyon

Batay sa mga natuklasan at paglalahat ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na hakbang upang mas mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral:

1. Gawing opisyal na balangkas ang Common European Framework of Reference for Languages (CEFR-PH) sa pagtuturo ng Filipino sa mga banyagang mag-aaral (sa Tiong Se Academy o Tsino-Pilipinong mag-aaral bilang konteksto). Sa halip na ibatay lamang sa baitang, iminumungkahing pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang aktwal na antas (A1 hanggang C2). Ang ganitong proficiency-based grouping ay titiyak na ang mga

gawain at interbensyon ay sadyang nakadiseno para sa tunay na kakayahan ng bawat mag-aaral, lalo na para sa mga naiwan sa antas na Basic User.

2. Paigtingin ang pagbuo ng isang silid-aralan na kumikilala sa emosyonal na aspekto ng pagkatuto. Maaaring pansamantalang pahintulutan ang paggamit ng code-switching o Taglish bilang "transitional bridge" o tulay sa komunikasyon. Ang estratehiyang ito ay naglalayong alisin ang kaba at takot na magkamali, na kalaunan ay magsisilbing pundasyon upang kusa at natural na dumaloy ang paggamit ng purong Filipino habang tumataas ang kanilang kumpiyansa.
3. Magdiseno ng mga kagamitang pampagtuturo na hango sa pang-araw-araw na karanasan at natatanging kultura ng mga Filipino-Chinese sa Binondo. Ang paggamit ng mga pamilyar na paksa—tulad ng lokal na negosyo, tradisyon ng pamilya, at kwentong komunidad—na sinasamahan ng mga makabagong multimedia (video at audio) ay makapagbibigay ng mas malalim na interes sa mga mag-aaral na gamitin ang wika sa paraang makabuluhan sa kanila.
4. Isailalim ang mga guro sa mga pagsasanay na nakatuon sa metodolohiya ng pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika (FSL). Mahalagang bigyang-diin ang pagbuo ng mga estratehiya sa constructive feedback o positibong pagtatama. Layunin nito na mapangalagaan ang emosyon ng mga mag-aaral upang hindi sila panghinaan ng loob sa tuwing sila ay nagkakamali, kundi lalo pang maging masigasig sa pakikipagtalastasan.
5. Magpatupad ng regular na Pre-Assessment at Post-Assessment gamit ang pamantayan ng CEFR-PH sa bawat taon upang masuri ang bisa ng mga ginagawang hakbang. Ang tagumpay ay dapat masukat hindi lamang sa marka, kundi sa konkretong pag-angat ng antas ng kakayahan (halimbawa, mula A1 patungong A2) at sa kitang-kitang pagbaba ng antas ng pag-aalinlangan sa tuwing gumagamit ng wikang Filipino

Pasasalamat

Ang tagumpay ng pananaliksik na ito ay bunga ng tulong at gabay ng iba't ibang indibidwal. Ipinapaabot ng mananaliksik ang pasasalamat kay G. Casimiro Reyes, ang tagapayo ng tesis, dahil sa kaniyang mahahalagang payo na nagbigay-linaw sa daloy ng pag-aaral. Gayundin, kinikilala ang mahalagang kontribusyon ng mga mag-aaral ng Tiong Se Academy bilang mga tagatugon. Ang kanilang pakikilahok ang nagpatatag sa mga datos ng pananaliksik na ito. Sa lahat nakibahagi, maraming salamat at padayon!

Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda.

Mga Sanggunian

- Abi Maryo, F. A. (2021). *The issues of the implementation of CEFR in Indonesia*. *Aplinesia (Journal of Applied Linguistics Indonesia)*, 5(1), 18-22.
- Altaya, G. (2025). *Skills in speaking Filipino as a second language in the development of interactive strategies for natural, active, and proficient speakers (SIKLAB)*. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 6(1), 81-90.
- Council of Europe. (2009). *Relating language examinations to the Common European Framework of Reference for Languages: Learning, teaching, assessment (CEFR): A manual*. Language Policy Division.
- Council of Europe. (2020). *Common European Framework of Reference for Languages: Learning, teaching, assessment – Companion volume*. Council of Europe Publishing.
- Eslit, E. R. (2023). *Neo-language acquisition and learning theory: A new perspective on language teaching*. Preprints.org - The Multidisciplinary Preprint Platform.
- Fonte, K. F., & Ancho, I. V. (2021). *Faculty development practices in Filipino-Chinese schools*. *Interdisciplinary Research Review*, 16(5), 14-19.

- Gaerlan, M. J., Villaverde, A. R., & Lim, R. R. (2020). *Language experiences, preferences and perceived proficiencies of multilingual Filipino-Chinese students: An exploratory study [Paper presentation]*. DLSU Research Congress, De La Salle University, Manila, Philippines.
- Good, C. V., & Scates, D. E. (1972). *Statistics in education and the sciences*. In L. Paler-Calmorin & M. A. Calmorin (Eds.). Rex Bookstore.
- Heng, Y., & San Juan, F. M. (2023). *Qualitative study of the cross-cultural adaptation of Chinese students in the Philippines*. International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR), 5(6).
- Hiranburana, K., Subphadoongchone, P., Tangkiengsirisin, S., Phoochaeoensil, S., Gainey, J., Thogsngsri, J., ... & Taylor, P. (2017). *A framework of reference for English language education in Thailand (FRELE-TH)—Based on the CEFR, the Thai experience*. LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network, 10(2), 90-119.
- Jin, Y., Wu, Z., Alderson, C., & Song, W. (2017). *Developing the China standards of English: Challenges at macropolitical and micropolitical levels*. Language Testing in Asia, 7, 1-19.
- Laranjo, R. O., & Palma Gil, F. A. A. (2023). *Preliminaryong paglalapat ng CEFR at TLLFTF sa Filipino bilang ikalawang wika: Tungo sa pagbuo ng istandardisadong kurikulum at pagsusulit*. Kawing Journal, 7(1), 18-42.
- Leavy, P. (2022). *Research design: Quantitative, qualitative, mixed methods, arts-based, and community-based participatory research approaches*. Guilford Publications.
- Lee, N. A. A., Kasim, A. A. M., & Abidin, S. A. Z. (2021). *A review of the CEFR-aligned implementation in Malaysia and other countries*. E-Proceedings, 556.
- Mainit, K. P., & De Leon, J. A. V. (2022). *Comparative analysis of teaching strategies used in lessons on culture and lessons on heritage of a selected Chinese-Filipino school*. Journal of Education and Learning, 11(4), 41-51.
- Manila Standard. (2024). *Filipino-Chinese schools prepare students for business success*. <https://manilastandard.net/?p=314431955>
- Negishi, M., Takada, T., & Tono, Y. (2023). *A progress report on the development of the CEFR-J*. In *Exploring language frameworks: Proceedings of the ALTE Kraków Conference* (pp. 135-163). ALTE 8th International Conference, Association of Language Testers in Europe.
- Ople, L. M. R. (2023). *Pang-akademyang varayti ng wika: Deskriptibong pag-aaral sa programang Special Filipino Class ng De La Salle University Integrated School*. Filipinolohiya, 43-69.
- Philippine Statistics Authority. (2023). *Foreign citizens in the country from 2020 census of population and housing*.
- University of Cambridge ESOL Examinations. (2009). *Examples of speaking performance at CEFR levels A2 to C2 (Taken from Cambridge ESOL's main suite exams)*. Cambridge English.
- Villaverde, A. R. S., & Lucas, R. I. G. (2020). *Second language learning and intrinsic motivation of multilingual Chinese learners in the Philippines*. International Journal of Language and Linguistics, 4(3), 114-121.

Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito